

HANEP

Basahin Mo Ito!

Taon 7 Blg. 45

Marso 13-19, 2023

P10.00

(Larawan mula sa PIA)



GAMPANIN NG KAPULISAN SA KAMPANYA KONTRA ILIGAL NA DROGA, BINIGYANG DIIN NG PNP CALABARZON

pahina 2

LE PONT
RESIDENCES
REVEL IN GRAND EXPERIENCES EVERYDAY

Reserve your unit NOW

MARLON BAGUS
09295691626

RLC Raise Live Connect
RESIDENCES

(Larawan mula sa PIA)

100-day countdown for 125th Philippine Independence Anniversary starts--p.11

(Larawan mula sa PIA)

ARTA Southern Luzon, PIA Calabarzon to collaborate in promoting ease of doing business---p.9

SM CITY DASMARIÑAS

3-DAY SALE

MAR 17 • 18 • 19

SHOP AND GET A CHANCE TO WIN A SUZUKI S-PRESSO SPECIAL EDITION MT!

UPTO 70% OFF
on great finds

Every P1,000 purchase = 1 e-affle entry
Saturday and Sunday purchases = double entries

See posters for details.
Per DTI Fair Trade Permit No. FTB-161476, Series of 2023.

Hurry! It's again 3 Day Sale at SM City Dasmariñas! Shop, enjoy and win on March 17, 18 and 19! Up to 70% discounts on great finds! See you there!

[f](#) [@](#) [t](#) [smdasmariñas](#)

ACCEPTING ADS, PLEASE CALL: 0977-7844136/ 0968-7122927

GAMPANIN NG KAPULISAN SA KAMPANYA KONTRA ILIGAL NA DROGA, BINIGYANG DIIN NG PNP CALABARZON

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) – Mahalaga ang suporta ng Philippine National Police (PNP) sa 'Buhay Ingatan, Droga'y Ayawan' (BIDA) program ng Department of the Interior and Local Government (DILG) na naglalayong sugpuin ang pagkalat ng ipinagbabawal na gamot sa bansa.

Ito ang binigyang diin ni PNP Deputy Chief for Administration Police Lieutenant General Rhodel O. Sermonia kasabay ng pagkilala sa mga City at Municipal Police Stations sa Calabarzon na may pinakamataas na bilang ng mga 'Drug-Cleared Barangay' noong Biyernes, Marso 3.

Layon ng programang BIDA na sugpuin ang pagkalat ng ilegal na droga at panagutin ang mga personalidad na sangkot sa produksiyon at trafficking nito.

Bahagi ito ng mga hakbang ng pamahalaan kontra ilegal na droga kung saan binibiyang prayoridad ang karapatang pantao, rehabilitation, at socioeconomic development ng mga drug dependents.

Kasama ang PNP, prayoridad ng Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA), National Bureau of Investigation (NBI) at iba pang ahensiya ng pamahalaanang 'intensified and more holistic approach' sa kampanya laban sa ipinagbabawal na gamot.

Kabilang sa mga binigyang pagkilala na may pinakamaraming drug-cleared barangays sa rehiyon ang San Pablo City Police, Sto. Tomas City Police, at Calamba City Police. Tumanggap rin ng Certificate of Recognition ang kapulisan sa mga bayan ng Balayan at Mataasnakahoy sa lalawigan ng Batangas.

Pinangunahan ni Sermonia at Police Regional Office (PRO) 4A Director Police Brigadier General Jose Melencio Nartatez Jr., ang paggawad ng nasabing pagkilala.

Ipinakita rin ng PRO 4A quad staff ang resulta

ng kanilang mga anti-drug operation, at mga datos ng kanilang High Value Individual/Street Level Database, at Monitored Drug Cases. Napag-usapan rin dito ang mga naging nagawa ng Calabarzon Police sa pagsusulong ng mga BIDA at KASIMBAYANAN Program.

Nagsagawa naman si Sermonia ng Talk to Men sa ng PRO CALABARZON. Dito binigyang diin ng hepe ang kahalagahan ng KASIMBAYANAN Program upang maisakatuparan ang programang "MKK=K" o Malasakit, Kaayusan, at Kapayapaan tungo sa Kaunlaran Peace and Order Framework ng pambansang pulisya. **(Patricia Bermudez, PIA4A)**

Amain na nagmasaker sa 4 magkakapatid, nagpakamatay

IPINADALA pa sa messenger ng tricycle driver ang patay na larawan ng apat na bata sa ina ng mga ito matapos niyang minasaker at pagkatapos ay nagpakamatay din sa Trece Martires City, Cavite Huwebes ng tanghali.

Kinilala ang magkakapatid na sina Princess Viajan Marie Dona, 14; Bianca Rose Bisa, 10; Jacklyn Joy Bisa, 6; at Conrado Bisa, 6, na pawang natagpuang patay sa loob ng silid ng bahay sa B32 L57 Summer Homes, Brgy. Cabuco, Trece Martires City.

Maliban kay Princess na anak sa ibang lalaki, magkakapatid sa isang ama lamang sina Bianca, Jacklyn at Conrado. Namatay naman habang ginagamot sa Gen. Emilio Aguinaldo Hospital ang suspek na si Felimon Galisangga Escalona, 38, tricycle driver, at nakatira sa nasabing address.

Sa ulat ni PSMSGt Richard Chavez, ng Trece Martires City Police, dakong alas-12:35 ng tanghali ay nakatanggap sila ng tawag hinggil sa umano'y insidente ng pananaksak sa loob ng naturang bahay.

Sa pagresponde ng

Wheelchairs, saklay para sa mga may kapansanan, senior citizens, ipinamahagi ng AKAY Foundation sa Batangas

BATANGAS CITY (PIA) — Mahigit 600 wheelchairs at mga saklay ang ipinamahagi kamakailan ng AKAY Foundation para sa mga persons with disabilities (PWDs) at senior citizens sa iba't ibang bahagi ng Batangas. Ang naturang pamamahagi ay pinangunahan ni dating Laguna Representative Sol Aragones, dating Batangas 2nd District Rep. Raneo Abu kasama ang mga mayor at iba pang opisyal mula sa ikalawa at ikaapat na distrito ng lalawigan ng Batangas.

Ang mga devices na ipinamahagi ay inaasahang pakinabangan ng mga PWDs at senior citizens hindi lamang sa bayan ng Bauan kundi maging sa bayan ng Lobo, San Pascual, San Luis, San

Juan at Rosario.

Ang Alagang Sol, Alagang Akay Foundation ay isang non-government organization na layong tumulong sa mga may kapansanan sa buong bansa.

Sa mensahe ni Aragones, sinabi nito na hangad ng foundation na makapagbigay ng inspirasyon kasama ang ilan sa mga PWDs na nakilala sa iba't ibang larangan tulad nina Chef Maricel Pangan, Internet Personality Diego Garcia, at artistang si Dagul Pastrana.

Aniya, hindi na kailangang isipin kung ano ang nawala o wala bagkus ang isipin ay kung ano ang natira.

Tiniyak din nito na ang lahat ng mga PWDs ay hindi dapat mag-alala dahil sa nakaalalay ang Akay Foundation sa mga katulad nila upang patuloy na itaas ang kanilang antas sa lipunan.

Binigyang-diin pa ni Aragones na bukod sa mga wheelchair at saklay, magkakaroon na din ang kanilang foundation ng proyektong mamamahagi ng artificial arm, legs at hearing aid sa mga susunod na panahon.

Ang mga punumbayan na dumalo dito ay nagpahayag ng abot pasasalamat sa Akay Foundation katuwang ang Alagang Reina ni dating Cong. Abu sa pagkakaroon ng ganitong programa na malaking tulong sa mga kababayan nilang may kapansanan.

Ayon kay Tingloy Vice Mayor Dr. Mikee Alvarez, malaking karangalan sa kanilang bayan na mapabilang sa nabigyan ng tulong ng foundation lalo na at walang kakayahan ang lokal na pamahalaan na magkaloob ng ganitong tulong sa kanilang nasasakupan.

Patuloy ang gagawing pag-ikot ng naturang foundation sa iba't ibang sulok ng bansa upang magbigay ng tulong sa mga PWDs lalo na sa malalayong lugar. (Bhaby P. De Catro, PIA Batangas)

Validation para sa higit 150,000 potensiyal na benepisyaryo ng 4Ps, tuloy-tuloy sa Calabarzon

CALAMBA CITY, Laguna (PIA) — Target ng Department of Social Welfare and Development (DSWD) Region 4A na makapagsagawanghouse-to-house visit at community assembly sa mahigit 150,000 households sa CALABARZON na maaaring maging benepisyaryo ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program (4Ps).

Ayon sa DSWD, pinili ang mga benepisyaryo batay sa datos ng Listahanan targeting system kung saan tinutukoy ang mahihirap na pamilya na mayroong anak na edad 18 pababa, o mayroong miyembro na nagdadalantao nang isagawa ang Listahanan assessment.

Ito ang unang hakbang ng pamahalaan para sa

registration ng mga kasapi ng 4Ps, nang sa gayon ay matukoy ang kanilang mga eligibility para sa nasabing programa. Sapamamagitan nito, masisiguro ng pamahalaan na mga kwalipikadong pamilya at handang sumunod sa mga panuntunan ng 4Ps ang mapapabilang dito.

Mula nang simulan ito noong Pebrero, mahigit 80,000 potential 4Ps household na ang sumailalim sa validation para sa Listahanan.

Sa pakikipagtulungan ng mga barangay at 4Ps City/Municipal Operations Offices, nakapaglatag ang ahensya ng schedule at mode of validation para sa mga pamilya na maaaring mapabilang sa nasabing programa. **(PB/DSWD 4A)**

Mas pinalawak na agricultural insurance para sa maliliit na magsasaka, ipinaliwanag ng PCIC-2

TUGUEGARAO CITY, Cagayan (PIA) - Sa programang Director's Hour ng DZDA FM, ang opisyal na radio station ng Department of Agriculture - Region 2 (DA-2), binigyang liwanag ng Philippine Crop Insurance Corporation - Region 2 (PCIC-2) ang mas pinalawak na agricultural insurance sa mga maliliit na magsasaka.

Ito ay itinalakay sa pangunguna ni Louterio Sanchez Jr., OIC ng Marketing Sales and Division ng PCIC-2 at ni Narcisso Edillo, regional director ng DA-2.

Ang agricultural insurance ay naglalayong bigyang suporta ang mga magsasaka at mangingisda sa oras ng pangangailangan.

Ayon kay Sanchez, nakapagbigay na ng iba't-ibang insurance packages ang PCIC sa mga nakaraang taon. Isa na rito ang high value crop insurance na nagpapasiguro ng mga commercial trees.

Ayon naman kay Edillo, hindi na lamang

mga magsasaka ang sakop ng agricultural insurance, maging sa mga mangingisda at livestock growers na rin.

Samantala, ipinaliwanag rin ng PCIC ang mga requirements para sa aplikasyon ng insurance.

Nariyan na ang pagbibigay ng personal na impormasyon at mga mahahalagang impormasyon patungkol sa pagsasaka. Pagkatapos ng pagfill out ng application form, ay maaari nang ipasa ito sa opisina ng municipal agriculturist at established service desk.

Sa kabilang banda, ayon kay Edillo, makakatanggap ng dalawang ektaryang subsidy ang mga magsasaka base sa lawak ng kanilang taniman.

Bukod dito, may matatanggap na ring free crop insurance o subsidy para sa livestock at poultry kung ikaw ay miyembro ng Registry System for Basic Sectors in Agriculture **(JKC/PIA-Region 2/ulat ni Ronel Butacan/litrato ng DA-2)**

The Godfather

Paulo Flores
09451470533
09287181677
09087869697



Transport strike at iba pa

KAILANGAN maintindihan muna kung bakit ba nagkaroon o nagsagawa ng Tigil Pasada ang ilang mga tsuper ng pampasaherong jeepney dito sa Kamaynilaan at mga probinsiya. Bakit nga ba pinangunahan ng grupong PISTON at MANIBELA ang nasabing kilos protesta?

Ano na naman kaya ang pumasok sa isip ni Mody Floranda ang national president ng Pagkakaisa ng Samahan ng Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (PISTON) atsinuportahan nito ang tigil pasada na pinasimulan ng grupong MANIBELA ni Ginoong Mar Valbuena. Ayon kay Ginoong Valbuena napagkasunduan ng kanyang grupo na magsagawa ng isang linggong transport strike bilang pagtutol sa planong

jeepney modernization ng pamahalaan kahit na ipinaliban pa muna ni President Ferdinand "Bongbong" Romualdez Marcos Jr ang pagpatupad ng nasabing jeepney modernization na dapat ay pinasimulan na nuon pa ika-30 ng Disyembre taong 2022 para bigyan ng sapat na oras at panahon ang mga jeepney operators na makagawa ng paraan para makabili ng mga modernized jeepney.

Sa palagay ko, hindi ang Tigil Pasada ang kasagutan o kalutasan sa mga suliranin na kinakaharap ng mga tsuper at operators hinggil sa umano'y planong pag phase out ng mga public utility jeepneys (PUJ) dapat dito ay pinag-uusapan ng maayos. Sa tuwing nagkakaroon ng Tigil Pasada, ang napinsala ay ang mga inosenteng pasahero na wala namang kinalaman sa problema

nila. At ang mga ganitong pagkakataon ay sinasakyan at hinahaluhan na ng mga ibat ibang prenteng Organisasyon ng Communist Party of the Philippines (CPP), mga grupong kabilang sa National Democratic Front (NDF) katulad na lamang halimbawa ng isang lider na sumali sa nasabing Tigil Pasada na itinaas pa ang kamay ni defeated presidential bet Leni Robredo nuong nakaraang Presidential elections. Mabuti na lamang at maagap ang bagong Regional Director ng PNP NCRPO na si Police MAJOR GENERAL EDGAR ALAN OKUBO dahil isang linggo bago pa isakatuparan ang Tigil Pasada ay nakahanda na si General Okubo at ang kanyang limang police district directors, chiefs of police at sub-station commanders na nagpatupad ng "Oplan Libreng Sakay" para sa lahat ng mga commuters na maaring ma-stranded sa kalye kaugnay ng nasabing Transport Strike. Ganundin ang ginawa ni Police Brigadier General Jose Hidalgo, ang bagong regional director ng Police Regional Office 3 (Central

Luzon), nagsagawa din ng "Libreng Sakay" para sa maaapektuhan ng Tigil Pasada sa Central Luzon. Kaya hindi masyadong naging problema para sa mga commuters ang pagbiyahe dahil sa kabila ng Tigil Pasada na ikinasa ng PISTON at MANIBELA ay nakahanda ang mga pulis NCRPO hindi lamang para magbantay ng Katahimikan kundi magbigay ng "Libreng Sakay" gamit ang mga PNP official patrol vehicles.

Samantala, sa Montalban (Rodriguez) Rizal, ang Lokal na Pamahalaan ng Bayan ng Montalban sa pangunguna ni Punongbayan General Ronnie S. Evangelista ay nagkaloob din ng "LIBRENG SAKAY" sa mga ruta na lubhang maaapektuhan ng Tigil Pasada mula sa Bayan ng Montalban hanggang sa Bayan ng San Mateo; sa Marikina; sa Commonwealth at sa Cubao (Vice Versa) simula 6:00 ng umaga hanggang alas Diyes ng gabi at ito ay gagawin ng pamahalaang lokal ng Montalban hanggang bumalik sa normal na operasyon ang mga apektadong ruta.

Editorial

Ginhawa para sa ekonomiya MAS pinaluwag na ng Department of Tourism ang safety at health protocols sa mga establisimento na panturismo.

Isinasaad sa Memorandum Circular 2023-0002 ng DoT na bukod sa hindi na hahanapan pa ang mga turista ng katibayan na sila ay fully vaccine ay pinahihintulutan na rin kahit walang suot na facemask. Ang pagluluwag sa mga turista ay bunsod ng nilalayan ng departamento para sa pagbangon ng mga investor na may kinalaman sa turismo na labis na naapektuhan sa pananalasa ng Covid-19 noong 2019.

Nakabukas para sa turismo maging ang administrasyon ni Pangulong Ferdinand 'Bongbong' Marcos, Jr. Pagkatapos ng mga restriction o lockdown dulot ng pandemiya ay napapanahong ibigay ang ginhawa para sa ekonomiya.

ADVERTISING RATES

COMMERCIAL - - - - - P200/col.cm
LEGAL NOTICES - - - P160/col.cm

MISIS AT 'LOVER' HULI SA AKTO NI MISTER

INARESTO ang construction worker at kinakasama makaraang ireklamo ng mister ng huli na nahuling magkasama sa iisang bubong sa Tanza, Cavite Linggo ng umaga. Sa reklamo ni alias Sid, 36, ng Upper Bicutan, Taguig City, kay PSSgt Joycell Javier, ng Tanza Police Station, nakatanggap siya ng impormasyon na ang misis na si alias Jona, 30, ay kasama ang kalaguyo na si alias Ray, 28, binata, construction worker, ng Amaya, Tanza. Nakipag-ugnayan si Sid sa mga tanod ng Brgy Amaya dakong alas-11:30 ng umaga kung saan naaktuhan ang dalawa na magkasama sa iisang bubong kaya inaresto. Kasong adultery ang isinampa ni Sid laban sa kanyang misis at kalaguyo. **GENE ADSUARA**

Baril ni 'kap, tinangay ng akyat bahay

ISANG hinihinalang akyat-bahay ang tumangay sa dalawang baril ng barangay chairman sa Tagaytay City Linggo ng umaga. Kinilala ang biktima na si Barangay Captain Arnaldo Rotap y Quiazon, ng Prime Peak Subd. Brgy. Maitim II West, Tagaytay City, Cavite. Inilarawan ang suspek na isang lalaki na nakasuot ng itim na t-shirt, maong pants at tinatayang may taas na 5'4. Sa reklamo ni Kap kay Corporal Dexter II Alibutdan, ng Tagaytay City Police, alas-3:15 ng madaling araw ay nagising siya dahil naramdamang tila may naglalakad sa bubong ng kanilang bahay. Mula sa paglalakad sa bubong ay tumalon at tumakbo ang suspek sa likurang bahagi ng bakuran. Inalerto niya ang mga kasama sa bahay subalit

sa pagbeberepika ay nalamang tinangay ng akyat bahay ang dalawang bag nito na naglalaman ng kanyang baril at dokumento.

Parak, nanggulo sa restobar?

HINIHINALANG miyembro ng Philippine National Police ang umano'y nanggulo sa isang restobar matapos naiwan ang kanyang PNP Identification Card (ID) at service firearms sa Kawit, Cavite Lunes ng madaling araw. Kinilala lamang ang suspek sa pamamagitan ng naiwang ID na si Corporal Ardie Raymundo Corsena. Sa ulat ni Corporal John Paul Cruz, ng Kawit Police Station, nagsasagawa ng pagpapatrolya ang kapulisan sa kahabaan ng Centennial Highway. Nakatanggap sila ng tawag hinggil sa umano'y nanggugulo sa loob ng One

Hindi naman binanggit sa report kung anong klaseng baril ang tinangay ng akyat bahay. **GENE ADSUARA**

Resto Bar sa Robertsons Malid akong alas-4:00 ng madaling araw. Sa pagresponde ay hindi na naabutan ang kaguluhan gayunman ay ID ng isang miyembro ng PNP ang nakita sa pangalan ni Corsena at isang 9mm Beretta Pistol na may serial number na M23798Z na may magazine na may laman na 15 na bala. Ang nagmamay-ari nito ay tumakas sa direksyon ng Tanza. Inaalang ng pulisya kung ang naiwang ID at baril ang may kagagawan ng kaguluhan sa lugar. **GENE ADSUARA**



ROMEO S. SANTOS
Publisher/editor-in-chief

Ang 'HANEP Basahin Mo Ito!' ay inilalathala tuwing lunes ng HANEP Publication na may tanggapan sa B10 L9 The Veraneo Brgy. San Sebastian Kawit, Cavite
Contact#: 0977-7844136/09687122927
Email: ronejed@yahoo.com
haneppublication@yahoo.com

PAUNAWA: Sariling pananaw o opinyon ng mga kolumnista ang nilalaman ng kanilang mga artikulo kaya wala pong kinalaman at pananagutan dito ang pamunuan ng publication

Member: Publishers Association of the Philippines, Inc.



Mga taga-Mindanao malaki ang ginampanang papel para sa kalayaan ng bansa

LUNGSOD QUEZON (PIA) -- Nanawagan si Department of Budget and Management (DBM) Secretary Amenah Pangandaman nitong Sabado, Marso 4, para sa pagkakaisa ng mga Pilipino, habang binibigyang diin ang pagpapahalaga sa kalayaan na hindi ito para sa iilan lang kundi para sa lahat. "Nakatataba nga naman ng puso na kahit nagmumula tayo sa ibang rehiyon ng bansa, iisa pa rin ang pintig ng ating damdamin — ang pagmamahal sa inang bayan. Kaya naman pagkakaisa — o unity — ang panawagan ng ating Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. dahil ang paglayang minamahal ay hindi naman para sa iilan lamang, kundi para sa lahat," sinabi ni Pangandaman sa kanyang pananalita sa panimulang programa ng unang 100 araw para sa ika-125 na anibersaryo ng araw ng Kalayaan sa Kawit, Cavite Ang Kalihim ang unang Maranao na nagsalita sa pagdiriwang ng anibersaryo ng kalayaan ng Pilipinas. "Bilang natatanging miyembro ng gabinete na Muslim, ako po ay lubusang nagagalak sa aking pagdalo dito dahil—kung hindi po ako nagkakamali— ito ang kauna-unahang pagkakataon na isang Maranao ang magsasalita sa okasyon ng pagdiriwang ng anibersaryo ng ating kalayaan." Ipinunto ni Pangandaman na hindi dapat kalimutan ng mga Pilipino na ang kalayaang kanilang tinatamasa ay bunga ng kagitingan at sakripisyo ng kanilang mga ninuno. Idinagdag din ni Pangandaman na ang kasalukuyang henerasyon ay dapat na ipagpatuloy ang adhikain para sa isang mas mahusay, mas maunlad, mas mapayapang kinabukasan, na tinutukoy na ang "Agenda for Prosperity" ng Administrasyong Marcos ay naglalayon ng pagbabagong pang-ekonomiya tungo sa buhay na sama sama (inclusive) at sustainable para sa lahat

ng Pilipino. "Sinisikap po ng kasalukuyang administrasyon na maiangat ang buhay ng bawat mamamayan sa pamamagitan ng paglago ng ekonomiya. At unti-unti ay nakakamit na po natin ito. Nung taong 2022, ang ating Gross Domestic Product o GDP ay lumago ng 7.6 percent, higit pa sa mga pagtataya ng pinakamagagaling na ekonomiya hindi lamang sa Pilipinas, kundi sa buong mundo. At para maramdaman naman ng lahat ang kasaganahan, sinisikap din namin na maiparating ang mga proyekto ng ating gobyerno, hindi lamang sa Metro Manila, kundi mula Aparri hanggang Tawi-Tawi," ani Pangandaman. Binanggit niya ang mga hakbangin ng pamahalaang nasyunal, na kinabibilangan ng mahigit P66 bilyong 'block grant' sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, ang tulong na ibinibigay sa mga lokal na pamahalaan sa pamamagitan ng devolution, at ang mga pagsusumikap sa digitalization upang itaguyod ang kahusayan sa burukrasya, transparency, at pananagutan. Si Pangandaman, sa parehong okasyon, ay nagbigay pugay sa aktibong papel na ginampanan ng kanyang mga kapwa Muslim sa paglaban para sa kalayaan at kalayaan laban sa mga dayuhang kolonisador. "Dito sa Kawit unang iwinagayway ang ating bandila, ngunit maipagmamalaki naman naming mga taga-timog na masigasig at magiting na ipinaglaban ng mga taga-Mindanao ang ating lupang sinilangan. Kaya naman, mahigit tatlong daang taon ang pagsakop ng mga Kastila sa Luzon at Visayas, ngunit hindi nasakop ng mga dayuhan ang Mindanao. Dahil matinding ipinaglaban ng mga Moro ang ating lupa, pati na rin ang kultura, patakaran, at paniniwala ng mga taga-Mindanao.

Pagiging "ideal player" ng Pilipinas sa export sector, isinusulong ng PBBM admin

GENERAL SANTOS CITY (PIA) -- Ibinahagi ni Pangulong Ferdinand R. Marcos Jr. noong Biyernes na simula noong siya ay naging punong ehekutibo, nag-implemanta na siya ng mga reporma at naglagay ng mga mekanismo upang maging "ideal player" ang Pilipinas sa export sector. Sinabi ito ng pangulo sa kanyang talumpati sa isang pagtitipon na tinawag na "Tanyag: An Evening with International Trade Partners" na isinagawa sa Shangri-La, The Fort, sa lungsod ng Taguig. Ayon sa pangulo gumagawa ang bansa ng mga high-value at competitive products at mga serbisyong kayang ibigay ang mga pangangailangan ng mga konsyumer at mga prodyuser kahit saan man panig ng mundo. Kasama na rin aniya rito ang mga iba't ibang inisyatiba at reporma para sa ikalalago ng mga negosyo. Bukod pa rito, patuloy aniya ang digital transformation initiatives na nag-uudyok ng mga economic activities habang nagiging mas mabilis at ligtas na ang mga transaksyon ngayon. Sa pangunguna ng Department of Trade and Industry (DTI) at sa pamamagitan ng Center for International Trade Expositions and Missions (CITEM), ang 'Tanyag' ay isang formal export trade networking activity na nagtitipon ng mga ahensya ng gobyerno, business leaders, at trade diplomatic partners upang ipamalas ang mga serbisyo at produktong Pinoy sa buong mundo na nakatuon naman sa pagpapalakas ng Filipino brand of excellence. Bilang export promotion arm ng gobyerno, layunin ng CITEM na isulong ang whole-of-the-government at whole-of-nation approach sa pag-

Kaya malayo man kami sa Kawit, kasali po kami sa pagpapasalamat para sa kasarinlan ng Pilipinas at sa pagmamalaki ng katanyagan ng ating lupang sinilangan," ani Pangandaman.

promote ng Philippine exports, gayundin ang pakikinaabang sa walang hanggang potensyal ng mga export industries ng bansa bilang economic driver na nakatutulong sa pag-unlad. Sinabi rin ng pangulo na pinalalakas ng pamahalaan ang trade promotion activities nito upang magbukas ng mga oportunidad para sa mga maliliit na negosyo tungo sa pandaigdigang merkado. Binigyang-diin nito ang mahalagang papel ng export industry sa ginagawang recovery efforts ngayon ng bansa mula sa Covid-19 pandemic. At sa pagtatapos ng kanyang mensahe, ibinahagi ng pangulo ang kanyang taos-pusong paniniwala na isang reliable partner at sourcing destination ang Pilipinas para sa iba't ibang trade sectors gaya ng home, fashion, lifestyle, food, creative, at sustainability. (**Harlem Jude Ferolino, PIA-SarGen**)

General Luna LGU, hinihikayat ang mga empleyado na maging miyembro ng SSS

GENERAL LUNA, Quezon (PIA) — Mas maraming empleyado at manggagawa sa bayang ito ang inaasahang makikinaabang sa mga benepisyong hatid ng Social Security System (SSS). Ito ay matapos lumagda sa isang kasunduan si Mayor Matt Erwin Florido at SSS Branch Head Frederick Isip ukol sa paghihikayat sa mga permanenteng kawani ng pamahalaang lokal ng General Luna na maging miyembro ng SSS. Ayon kay Florido, boluntaryo ang gagawing paghuhulog ng SSS monthly contribution ng mga empleyado depende sa kanilang mapipiling scheme. "Dalawa ang magiging pensyon ng mga empleyado na nais mag-miyembro sa SSS pagdating ng kanilang retirement, una ay sa GSIS at pangalawa ay sa SSS", pahayag ni Florido. Sinabi pa niya na maaaring ipagpatuloy ng mga dating

EDSA Tramo Pocket Park sa Pasay City, pinasinayaan

LUNGSOD PASIG, (PIA) — Pinasinayaan nitong Lunes (Marso 6) ang EDSA Tramo Pocket Park sa Pasay City na bahagi ng Adopt-A-Park Project ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA). Pinangunahan nina MMDA Acting Chair Atty. Don Artes, Pasay City Mayor Emi Calixto-Rubiano, MMDA Deputy Chairman Usec. Frisco San Juan, Jr., at iba pang mga opisyal ng barangay ang ginanap na turnover ceremony. Ayon sa MMDA, may lawak na 3,525 square meters, ang parke na nasa ilalim ng EDSA Tramo

flyover ay may plant boxes at limang container van na magsisilbing opisina ng barangay, lokal na pulis, at ng MMDA units gaya ng Metro Parkways Clearing Group, Traffic Discipline Office, and Rescue Office. Nangako si Artes ng karagdagan mga pocket at linear parks sa lungsod, gayundin ang pagbibigay ng pwesto sa mga ambulant vendors sa Baclaran. Samantala, nagpasalamat naman si Mayor Calixto-Rubiano sa proyekto ng ahensya na aniya'y bahagi ng bisyon ng lungsod na maging eco-city. (**MMDA/PIA-NCR**)

PH Humanitarian Contingent sa Turkey, pinalalagan

LUNGSOD PASIG, (PIA) — Binigyang parangal ang 82-man Philippine Inter-agency Humanitarian Contingent na nagtungo sa Adiyaman Province, Türkiye para tumulong sa search and rescue operations matapos ang 7.8 magnitude na lindol na yumanig sa bansa noong

Pebrero. Sa hanay ng Metropolitan Manila Development Authority (MMDA), tumanggap ang 9-man team ng ahensya ng BaKas Parangal ng Kabayanihan at Plaque of Merit para sa kanilang ginawang urban search and rescue. Nakatanggap din ng tig-P50,000 ang bawat isang miyembro ng PH humanitarian team mula sa Philippine Amusement and Gaming Corporation (PAGCOR) bilang pagkilala sa kanilang nagawang tulong at kabayanihan. Ayon sa MMDA, nasa 36 gusali ang na-assess ng Philippine contingent team habang anim (6) naman ang narekober na mga labi. Nasa 1,022 pasyente naman ang nabigyan ng Emergency Medical Services. Nagpasalamat din si MMDA Acting Chairperson Atty. Don Artes sa serbisyo ng mga ito lalo na't hindi biro ang kanilang pinagdaanan gaya ng language barrier at extreme weather conditions sa lugar. Umaasa si Artes na ang karanasan ng mga ito mula sa Turkiye ay magagamit para sa paghahanda naman ng bansa sa pinangangambahang "The Big One" sa pamamagitan ng itatayo ng ahensiya na Disaster Preparedness Training Center. Kasama sa humanitarian team ang mga kawani ng MMDA, Department of Health, Armed Forces of the Philippines, at Office of the Civil Defense. (**MMDA/PIA-NCR**)

INA, KASAMAHANG KINASUHAN SA PAGKAKAARESTO SA ANAK, 1 PA 'DINAKMA' SA DROGA

ARESTADO ang tatlong katao, kabilang ang nanay ng isa sa suspek na nakialam sa pag-aresto sa buy bust operation sa Naic, Cavite Miyerkules ng gabi. Kasong paglabag sa Section 5 and Sec 11 in relation to Section 26 Art II of RA 9165 ang kinaharap ng mga suspek na sina Rommell Organiza y Israel, nasa wastong edad; at Buenaventura Parado y Torres, nasa wastong edad; habang Art 151 of RPC (Resistance and Disobedience to a person in Authority or his Agents), Art 148 ng RPC (Direct Assault), PD 1829 at PD1829 (Obstruction of Justice) ang kinaharap ni Marilyn Israel y Cleofe, ina ni Rommel; pawang

residente ng Brgy Sabang, Naic. Sa ulat, dakong ala-10:00 ng gabi ay nagsagawa ng buy bust operation ang Naic Police sa Brgy Sabang, na nagresulta sa pagkakaaresto nina Organiza at Parado na kapwa nasa listahan ng Street Level Individual (SLI). Nakuha sa kanila ang tinatayang 15.30 gramo ng hinihinalang marijuana na may street value na P4,000 at buy bust money. Sa pagkakaaresto sa dalawa, nangialam si Marilyn, ina ni Rommel, at tinangkang harangin ang pag-aresto sa anak dahilang upang ito ay arestuhin din. **GENE ADSUARA**

Pahinante, patay; 2 pa sugatan sa trak na nahulog sa bangin

ISANG pahinante ang namatay at dalawa naman ang sugatan sa pagkakahulog sa bangin ng dump truck sa Ilagan City kamakailan. Nakilala ang namatay na si Jayson Hernandez at ang dalawang sugatan ay sina Jason Dacuba, isa ring pahinante; kapwa ng San Andres, Ilagan City; at ang driver na si Ariel Fernandez, 32, may-asawa, ng Barangay Song-song, Gamu, Isabela. Nabatid na bumabagtas sa matarik na bahagi ng kalsada sa Barangay

Sindun Bayabo ang dump truck subalit bigla umanong nawalan ng preno. Sa pangyayari ay nawalan umano ng kontrol sa manibela si Fernandez dahilang pagkakabaligtad ng trak at pagkakahulog sa bangin. Ang mga biktima ay naisugod sa Gov. Faustino N. Dy Memorial Hospital subalit si Hernandez ay idineklarang dead on arrival at sinusulat iito ay ginagamot sina Fernandez at Dacuba. **MARCK BADION**

Mahigit P3-M shabu, nasabat sa 'tulak'

TINATAYANG mahigit sa P3 milyon halaga ng shabu ang nasamsam matapos maaresto ang hinihinalang tulak sa isinagawang buy bust operation sa Bacoor City, Cavite Miyerkules ng hapon. Kinilala ang suspek na si Abobakar Baliman y Salangani, nasa wastong edad, ng Molino 3, Bacoor City. Sa ulat, dakong alas-3:40 ng hapon ay nagsagawa ng buy bust operation ang Philippine Drug Enforcement Agency

(PDEA)-Regional Office 4A, Regional Special Enforcement Team (RSET) 1 at 2, PDEA Cavite at Bacoor City Police (CPS) sa kahabaan ng Town In Country Road, Molino 3, Bacoor City, na nagresulta sa pagkaaresto sa suspek makaraang nakipagtransaksyon sa poseur buyer. Narekober sa suspek ang tinatayang 500 gramo ng hinihinalang shabu na may street value na P3,450,000. **GENE ADSUARA**

Maigting na pagpapatupad ng mga proyekto sa Quezon, inaasahan sa pag-arangkada ng 'Tulay sa Progreso' program ng pamahalaang panlalawigan

LUCENA CITY, Quezon (PIA) — Mas maigting na pagtutulungansapagitan ng mga lokal na pamahalaan at mga ahensiya ng gobyerno ang inaasahan sa probinsiya ng Quezon, kasunod ng paglulunsad ng 'Tulay sa Progreso' program ng pamahalaang panlalawigan. Ang nasabing programa ay inisyatiba ni Quezon Governor Angelina "Helen" Tan bilang bahagi ng 'harmonization' na isinusulong ng kanyang administrasyon. Layunin nito na maikonekta ang mga lokal na pamahalaan sa iba't ibang ahensiya ng pamahalaan para sa karampatang pondo at iba pang tulong na maaaring ipagkaloo

upang mapalawak pa ang mga proyekto sa hinaharap. "Ang Tulay ng Progreso ay programang magdudugtong sa national government, provincial government, at local government units na may layuning masiguro ang koneksyon ng bawat isa sa paghahatidng maaasahang serbisyo publiko," ani Tan. Kamakailan ay nagtipon ang mga lokal na pamahalaan mula sa una hanggang ikatlong distrito ng lalawigan, kasama ang iba't ibang ahensiya ng gobyerno, bilang pagsisimula ng nasabing programa. Dito ay inilahad ng mga alkalde ang mga prayoridad na proyekto

na ipinatutupad sa kani-kanilang munisipalidad. Tinalakay din sa pagtitipon ang mga programa, proyekto at mga aktibidad ng iba't ibang ahensiya ng gobyerno. Ang nasabing pagtitipon ay dinaluhan din nina 1st District Congressman Mark Enverga, 3rd District Congressman Reynan Arrogancia, mga miyembro ng Sangguniang Panlalawigan sa

pamumuno ni Vice-Governor Third Alcala at department heads ng pamahalaang panlalawigan. Isang 'commitment signing' naman ang isinagawa bilang pagpapakita ng suporta ng mga lokal na pamahalaan at mga ahensiya ng gobyerno sa Tulay sa Progreso program. **(Ruel Orinday, PIA Quezon)**

Dala ng kalasingan kaya nakapatay?

DALA umano ng kalasingan kaya binaril at napatay ng kagawad ng barangay ang nakasalubong na magsasaka sa Maayon, Capiz kamakailan. Ang biktima ay nakilalang si Freddie Mor Lucas, 27; habang ang suspek ay kinilalang si Virgilio Descalzota, kagawad umano ng Barangay Canapian. Batay sa paunang pagsisiyasat ng pulisya, papauwi ang biktima na nanggaling sa tindahan.

Napadaan ang suspek na walang sabi-sabing pinagbabaril ang biktima na tinamaan sa tagilirang bahagi ng katawan at sa likod. Lumilitaw na nakainom ng alak ang suspek at sinasabing nagawa lamang ang krimen dala ng sobra umano ng pagkalasing. Sinusulat ito ay nagpahiwatig umano ang suspek ng kahandaan ng kanyang pagsuko sa mga awtoridad. **RUBEN LACSA**

DOH, naglaan ng P10M para sa Super Health Center sa San Jose Del Monte

LUNGSOD NG SAN JOSE DEL MONTE (PIA) -- Naglaan ng 10 milyong piso ang Department of Health o DOH para sa itinatayong Super Health Center sa Towerville sa barangay Minuyan Proper, lungsod ng San Jose Del Monte. Isa ito sa 14 na itinatayong Super Health Center sa buong lalawigan ng Bulacan. Sa ginawang inspeksyon, tiniyak ni Senador Bong Go ang patuloy na pagbibigay ng teknikal na kasanayan ng DOH sa mga kawani ng pamahalaang lungsod na madedestino rito. Layunin nito na matutunan kung paano angkop at epektibo na mapangangasiwaan ang naturang pasilidad. Ito'y upang lubos na mapakinabangan ng mga karaniwang mamamayan na nangangailangan ng serbisyong medikal nang hindi na kailangang sumadyasamgamalalaking ospital. Ang pondo na ginugol para sa Super Health Center ay mula sa pambansang badyet ng 2022. Kasabay nitong

napondohan at naitatayo ang mga Super Health Center sa Bulakan, Guiguinto, Balagtas, Meycauayan, San Miguel at Pand. Samantala, nilaanan sa pambansang badyet ng 2023 ang itatayong Super Health Center sa San Ildefonso, San Rafael, Baliwag, Plaridel, Marilao, Obando at Angat. Higit makikinabang sa proyekto ang mga mamamayan na karaniwang hindi nakakatamo ng mga serbisyong pangkalusugan dahil malayo sa mga pagamutan. Bukod sa nakagisanan na isang health check-up facility, maari na ritong manganak, magpabunot ng ngipin at magpa-dialysis na may kumpletong kagamitan at siguradong health professionals na mag-aasikaso sa bawat pasyente. Dinisenyo rin ang pasilidad na flexible sa iba't ibang uri ng gamutan sa hinaharap na mga panahon. Target buksan ang Super Health Center na ito sa kalagitnaan ng taon.

Lalaki, huli sa 23 bench shorts

TINATAYANG dalawampu't-pitong pirasong shorts o katumbas ng mahigit na P13K ang binitbit palabas sa department store ng isang lalaki sa Trece Martires City, Cavite Lunes ng gabi. Hawak ng pulisya ang suspek na si Zion Villanueva y Coran, nasa wastong

edad, binata, ng Brgy Batia, Bocaue, Bulacan dahil sa reklamo ni Maria Sheila Ramos, manager ng Suyen Corporation, ang gumagawa ng Bench product. Sa ulat ni PSSgt Bryan Jay Comia, ng Gen Trias City Police, dakong alas-4:45 ng hapon ay pumasok ang suspek sa loob ng SM City sa Trece Martires City, at nagpanggap na customer. Ilang sandali pa ay hinakot nito ang tinatayang 27 pirasong bench shorts na nagkakahalaga ng Php 13,493.00 saka isinilid sa kulay maroon na bag. Lumabas ito pero lingid sa kanyang kaalaman ay minamanmanan siya ng naka-duty na guwardiya na si Jacob Rodriguez na nagresulta sa pagkakaaresto nito. **GENE ADSUARA**

Kaugnay nito, tiniyak ni Mayor Arthur Robes na handa ang pamahalaang lungsod na pangasiwaan ang itinayong Super Health Center. Ito'y upang mapangalagaan ang pasilidad at matiyak na pakikinabangan ng nasa halos isang milyong populasyon ng lungsod at ng maraming pang henerasyon. **(CLJD/SFV-PIA 3)**

SM SUPERMALLS SOUTH 1 SECURITY FORCES, GATHERED FOR THE JOINT TACTICAL INSPECTION AND GENERAL ASSEMBLY OF TROOPS 2023



SM CITY BACOOR, CAVITE – Gathering security forces and agency personnel, SM Supermalls - South 1 recently held its Joint Tactical Inspection (JTI), an annual event conducted by SM's CRS Division to inspect and check the readiness of the security guards assigned in SM Supermalls, SM Retail Group and its Affiliates. The event was spearheaded by Mr. Almus J. Alabe, CPP, CSP; SM Supermalls Senior Vice President for CRS, Senior Assistant Vice President for Mall Operations - Mr. John Jason T. Terrenal, Assistant Vice President for Mall Operations – Mr. Lorenzo A. Calingasan IV., and Guest of Honor and Speaker PMAJ. Alexis Tuazon, DCOP of Bacoor City, Cavite.

The event is done in cooperation with Mall Operations Department and the Security Agency and Service providers. Uniforms and equipment were checked and inspected in order to conform with the standards set by the company; and the requirements so required by the Philippine National Police, SOSIA in compliance to RA 5487 in specific terms. The inspection was done individually, from head to foot, following a very distinct and unique procedure. The inspection is not a fault finding activity but more on a corrective measures to ensure that guards are always dressed, equipped and supplied completely by the respective security providers. Aside from the individual clothing, Agency equipment, armaments and issued firearms were also inspected. Communication equipment and other support gadgets were tested to ensure that they are always functional and ready for operational use.

Citing his experience in the Philippine National Police, Guest of Honor and Speaker Speaker PMAJ. Alexis Tuazon encouraged the security personnel in the Joint Tactical Inspection to stand firm on the very basic foundation of discipline in the performance of their mandated tasks in SM Supermalls and its affiliates nation-wide, in partnership with the Philippine National Police and to protect and care for the shoppers and stakeholders of SM Supermalls. Mr. Almus J. Alabe, CPP, CSP; SM Supermalls Senior Vice President for CRS also uplifted their morale as he remind them to always show courtesy, professionalism, and respect as they assist shoppers in their everyday service and to ensure protection and safety of the mallgoers as SM Supermalls become a more thriving and welcoming community for everyone.

CELEBRATE WOMEN WITH AQUAFLASK VIA SM MALLS ONLINE



SM MALLS ONLINE - Celebrate Women's Month with a reward for yourself or a thoughtful gift to besties! Shop today via the SM Malls Online app and snag these trending Aquaflask tumblers for as low as P850. Get your very own Aquaflask Dream Collection w/ Silicone Boot - 22oz BubbleGum or Pinacolada, or Aquaflask 22oz Wide Mouth with Spout Lid - Ballet Pink and Powder Blue. Use the code SHOP200OFF to get an extra P200 OFF on your orders with a minimum spend of P1,000. Terms and conditions apply! Add to cart at: <https://click.smmallsonline.com/DFqS/CelebrateWomenPower>
Per DTI Fair Trade Permit No. FTEB-160575 Series of 2023

RED RIBBON TREATS AT SM CITY MOLINO

SM CITY MOLINO, CAVITE - Treat your family and friends with Red Ribbon delicious pastries and breads available in a sweetly prepared packs! Save as much as P5 when you buy these sweet treats to bring home for your family and love ones. Visit Red Ribbon at the Ground Level of SM City Molino today. Open daily from 10am-9pm.



MORE TOKEN, MORE FUN AT TOM'S WORLD SM CENTER IMUS!

SM CENTER IMUS, CAVITE – Happy Tom's Day! On our 25th year of happiness and fun TOMgether, enjoy the new token promo for as low as 3 pesos per token for every purchase of 60 tokens worth 300 pesos! Receive free 40 tokens on top of your 60 purchased tokens for a more enjoyable day to relieve stress, or family playtime bonding. Hurry and visit Toms World at SM Center Imus today with your arcade buddy and score more tickets and rewards.



Pag-IBIG Fund defers 2023 contribution hike

MANILA – The Pag-IBIG Fund Board of Trustees officially approved the postponement of the agency's contribution hike this year, citing the continuing recovery of both workers and business owners from the pandemic, its top officials announced Monday.

Secretary Jose Rizalino Acuzar, who heads the Department of Human Settlements and Urban Development and the 11-member Pag-IBIG Fund Board of Trustees, said they unanimously approved the recommendation of the Pag-IBIG Fund Management to defer the hike in the monthly contributions of its members in 2023 -- affirming pronouncements made by the agency earlier this year -- and move the implementation by one year to January 2024.

The deferment also applies to the share of their employers.

"This is in line with the call of President Ferdinand Marcos Jr. to alleviate the financial burden of our fellow Filipinos due to the prevailing socio-economic challenges brought about by the Covid-19 (coronavirus disease 2019) pandemic," Acuzar said.

In 2019, agency officials approved the increase of its members' monthly contributions after obtaining the concurrence of stakeholders to implement a planned contribution increase in 2021.

During that time, the agency saw the increase necessary as it projected that the amount of loans disbursed will eventually outpace the total collections from both loan payments and members' contributions.

However, recognizing the effects of the pandemic on both its members and the business community, Pag-IBIG Fund has deferred for the third consecutive year the increase of its contributions rates which remain unchanged since 1986.

Pag-IBIG Fund chief executive officer Marilene Acosta said the agency's robust fiscal standing and strong collections driven by members opting to save more under the agency's Regular and MP2 Savings programs, shall allow it to address the growing loan demand of members even without a contribution rate increase this year.

"Our strong financial position shall allow us to again postpone the increase in our contribution rates for a year. We are happy to report that even without any increase in our rates, we were able to post record-highs in 2022 with our membership savings collections reaching nearly PHP80 billion, loan payment collections amounting to PHP127.42 billion, short-term loan releases at 57.69 billion and home loan takeout amounting to PHP117.85 billion," Acosta said.

"And, with the continued trust and support of our members, the business community and housing industry partners, we look forward to achieving another banner year for Pag-IBIG Fund in 2023 despite not increasing our contribution rates for the 37th consecutive year," she added. *(PR)*

Energy projects in pipeline to help address power costs

MANILA – Department of Energy (DOE) Undersecretary Felix William Fuentebella on Monday said energy projects in the pipeline will help the country in addressing high power costs.

During the Laging Handa public briefing, Fuentebella said almost 57 percent of the country's power relies on imported oil and coal, which makes the electricity prices vulnerable to volatile prices in the global market.

"In the long term, we will have a transition to develop our own energy sources. These are the

Rate adjustments still possible as inflation remains elevated

MANILA – The Bangko Sentral ng Pilipinas (BSP) has reiterated readiness to further adjust its key rates amid the easing of inflation rate in February 2023, citing upside risks from higher domestic and international food prices.

The Philippine Statistics Authority (PSA) on Tuesday reported a slight deceleration in the rate of price increases last February to 8.6 percent from the 14-year high of 8.7 percent in the previous month, although food and energy prices continued to drive the inflation rate.

Last February's inflation rate is within the BSP's forecast range of between 8.5 to 9.3 percent and brought the average in the first two months this year to 8.65 percent, way higher than the 2 to 4 percent target band of the government.

"Inflation is projected to remain above the target until early Q4 (fourth quarter) 2023 before decelerating close to the low-end of the target range by January 2024 due mainly to negative base effects and the likely decline in global oil and non-oil prices," the BSP said, citing supply-side factors both here and abroad.

The central bank said risks

indigenous and renewable sources," he said in mixed English and Filipino.

Fuentebella said the Marcos administration focuses on the development of renewable energy sources such as biomass, geothermal, solar, hydro, ocean and wind.

Renewable energy currently shares around 23 percent of the country's energy mix.

"We will increase that to 35 percent by 2030 and by 50 percent by 2040," he said. He added the administration is pushing for policy reforms that will make the Philippines more attractive to investors in the

to the inflation outlook are still on the upside until next year primarily due to the "potential impact of uncertainties in the global food market, increased domestic prices of key food items facing supply constraints, additional transport fare hikes due to elevated oil prices, and higher-than-expected wage adjustments in 2023."

These factors are expected to be countered by the results of weaker-than-expected global recovery. The central bank said its policy-making Monetary Board (MB) "will review its assessment of the inflation outlook in its monetary policy meeting on 23 March 2023," referring to the second rate setting meeting of the Board for this year.

"The BSP remains prepared to adjust its monetary policy settings as necessary to prevent inflation expectations from becoming disanchored and safeguard the inflation target over the policy horizon. The BSP also continues to call for the timely and effective implementation of non-monetary government measures to mitigate the impact of persistent supply-side pressures on inflation," it added. *(PNA)*

renewable energy sector. During the first six months in office of President Ferdinand R. Marcos Jr., his administration resolved that 100 percent ownership in renewable energy projects is allowed in the country.

